

# Inihahanda ng kaalaman sa pananalapi ang mga mag-aaral para sa kanilang kinabukasan

Nobyembre 25, 2024 [Mga katanungan sa media](#)

Ang mga mag-aaral sa buong Alberta ay bubuo ng mga pangunahing kasanayan sa buhay na kakailanganin nila para lumago hanggang sa pagtanda sa pamamagitan ng suporta para sa programa ng kaalaman sa pananalapi.

Ang pag-iimpok, pagbabadyet, pamumuhunan at ang kakayahang gumawa ng matalinong mga desisyon sa pananalapi ay mga pangunahing kasanayan sa buhay na kailangang paunlarin ng mga kabataan sa Alberta habang sila ay lumalaki papunta sa hustong gulang. Tinitiyak ng gobyerno ng Alberta na ang lahat ng mag-aaral ay may pagkakataon na paunlarin ang mga pangunahing kasanayan sa buhay sa pamamagitan ng pagsasama ng kaalaman sa pananalapi sa K-12 kurikulum at pagbibigay ng gawad na pagpopondo sa tatlong organisasyon sa Canada upang mag-alok ng dedikadong mapagkukunan ng pag-aaral sa pananalapi para sa mga mag-aaral at guro.

Noong Mayo 2022, ang gobyerno ng Alberta ay namuhunan ng \$5 milyon sa loob ng tatlong taon sa programa ng kaalaman sa pananalapi para matiyak na ang mga estudyante ay may kaalaman sa pananalapi na kailangan nila para umunlad sa buhay. Ang Enriched Academy ay tumatanggap ng \$900,000 bawat taon at ang Canadian Foundation for Economic Education ay tumatanggap ng \$500,000 bawat taon upang bigyan ang mga mag-aaral sa grade 5 hanggang 12 ng programang kaalaman sa pananalapi, na nakaayon sa kurikulum, upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa pananalapi. Bilang karagdagan, ang Junior Achievement ay tumatanggap ng \$250,000 bawat taon upang magbigay ng hands-on na pagsasanay, karanasan sa kaalaman ng pananalapi, pagiging handa sa trabaho at edukasyon sa pagiging negosyante sa mga mag-aaral sa kindergarten hanggang Grade 6.

## Libreng webinar sa kaalaman sa pananalapi

Ang ilan sa mga ibinigay na pondo ay susuporta sa Enriched Academy na nagho-host ng libreng live na webinar para sa mga antas 4 hanggang 12 na mga mag-aaral at guro sa Martes, Nobyembre 26, bilang bahagi ng kanilang programa sa kaalaman sa pananalapi. Ang webinar

ay magtuturo sa mga mag-aaral kung paano bumuo ng kanilang kredito nang may kumpiyansa at magtatampok ng isang interactive na format na laro upang hikayatin at mag-udyok sa mga mag-aaral na malaman kung paano gumagana ang kredito at kung paano pamahalaan ang kredito at ang kanilang mga personal na pananalapi nang may kumpiyansa. Ang mga mag-aaral at guro na interesadong lumahok ay maaaring magparehistro para sa webinar online.

Maa-akses din ng mga guro ang mga plano sa aralin, aktibidad, at mga interactive na kasangkapan mula sa lahat ng website ng tatlong organisasyon upang suportahan ang mga resulta ng pag-aaral sa kaalaman ng pananalapi sa kurikulum ng Alberta.

## Mabilisang kaalaman

- Ang programa sa kaalaman ng pananalapi na inaalok ng tatlong organisasyon ay umaabot sa mahigit 350,000 estudyante taun-taon.
- Kasama sa panibagong K-6 kurikulum ng Alberta ang mas mataas na diin sa mga kasanayan sa kaalaman ng pananalapi, pati na rin ang mas matibay na pundasyon sa kaalaman sa pananalapi sa lahat ng baitang.

## Kaugnay na impormasyon

- [Mga gawad sa kaalaman sa pananalapi](#)
- [Webinar sa kaalaman sa pananalapi](#)

## Mga katanungan ng media

**Kevin Lee**

587-785-4366  
Kalihim ng Pahayagan, Edukasyon